Simple N Informative

SNIPPET

Parent-to-Parent Education Tools

# Pakikipag-usap sa iyong anak

## Mga Sanggunian:

Tsart ng Wika at Komunikasyon

Higit pa tungkol sa Cued Speech

Higit pa tungkol sa LSL

**Ano ang dapat malaman tungkol sa pakikipag-usap sa iyong sanggol:**

- Sa maagang bahagi ng buhay, ang utak ng isang sanggol ay mabilis na nabubuo. Ang panahong ito ay madalas na tinatawag na "window of opportunity" para sa pag-aaral ng wika.
- Ang mga batang bingi/mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles) na nakakakuha ng mga serbisyo sa suporta sa wika bago ang anim na buwang gulang ay kadalasang natututo ng wika na kapareho ng bilis ng mga batang nakakarinig.
- Ang mga pamilya ay kailangang magpasya para sa kanilang sarili kung ano ang tamang opsyon sa komunikasyon para sa kanilang anak at pamilya sa kabuuan.
- Huwag mapilitan na gumawa ng mabilis na mga desisyon tungkol sa kung paano ka makikipag-usap sa iyong anak at alamin na ang iyong desisyon ngayon ay hindi kailangang maging desisyon ng iyong pamilya magpakailanman.
- Minsan, ang mga pamilya ay makakahanap ng isang pinakamabisang paraan ng komunikasyon, at ang ibang mga pamilya ay maaaring gumamit ng higit sa isang paraan.
- Ang Wikang Pasenyas ng mga Amerikano (ASL, akronim nito sa Ingles) ay isang biswal na wika. Ito ay isang natatangi, isinesenyas na wika na naiiba sa wikang Ingles. Ito ay ipinahahayag gamit ang paggalaw ng mga kamay, katawan at mukha.
- Tinutulungan ng Cued Speech ang mga bata na marinig at "makita" ang pananalita. Ang mga guro at magulang ay gumagawa ng mga espesyal na hugis sa kamay, o "mga pahiwatig," malapit sa kanilang mga mukha habang sila ay nagsasalita. Nakakatulong ito sa mga bata na makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng mga salita na maaaring magkatunog o magkatulad.
- Ang Listening & Spoken Language (LSL) ay nagtuturo sa mga bata na umasa sa kanilang pandinig habang sila ay natututong magsalita. Ang mga pamamaraan ay maaaring tinatawag na "auditory oral" or "auditory verbal."
- Pinagsasama ng Total Communication ang isang wikang pasenyas na sistema sa sinasalitang wika. Hinihikayat ang mga bata na gamitin ang kanilang mga mata, tainga, boses, at kamay sa pakikipag-usap.
- Narito ang ilang mga tip kapag nakikipag-usap sa iyong sanggol:
    - Hawakan ang iyong sanggol nang malapit upang makatutok sila sa iyong mukha
    - Ilagay ang iyong sanggol sa lugar na madalas ka niyang nakikita
    - Bawasan ang mga ingay sa background
    - Magkaroon ng magandang liwanag (hindi masyadong madilim o maliwanag)
    - Madalas na tumingin sa mata
    - Gayahin ang mga tunog at galaw ng iyong sanggol at hintaying ulitin niya ang mga ito
    - Makisalamuha at makipag-usap sa iyong sanggol sa buong araw



ANG PROYEKTONG ITO AY SUPORTADO NG EARLY HEARING DETECTION AND INTERVENTION PROGRAM NG ILLINOIS DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH AT NG PREVENTIVE HEALTH AND HEALTH SERVICES (PHHS) BLOCK GRANT NG CENTERS FOR DISEASE CONTROL AND PREVENTION, AT ANG MGA NILALAMAN NITO AY RESPONSIBILIDAD LAMANG NG MGA MAY-AKDA AT HINDI SUMASALAMIN SA MGA PANANAW NG PINAGMUMULAN NG PONDO.